



# Paglikas nang maaga

## LUMIKAS NANG MAAGA AT MAKALIGTAS SA BUSH FIRE

Ang pinakaligtas na opsiyon sa isang bush fire (sunog-kagubatan) ay laging ang paglikas nang maaga, bago pa magbanta ang sunog. Dapat kayong lumikas kapag:

- Ang Pagsukat sa Panganib ng Sunog ay 'Catastrophic' (Lubos Na Kapahamakan). Sa ganitong mga araw, ang apoy ay magiging lubhang mainit at hindi ligtas na ipagtanggol ang alinmang tahanan – maging gaano man kabuti ang paghahanda. Ang mga 'Extreme' (Sukdulan) at 'Severe' (Grabe) na araw ay napakamapanganib din at ang paglikas nang maaga ang laging magiging pinakaligtas na opsiyon.
- Hindi ninyo naihanda ang inyong sarili ang inyong propyedad upang mabigyan kayo at ang inyong tahanan ng pinakamagaling na proteksiyon laban sa isang sunog.
- May mga bata, matatanda, o taong may kapansanan sa inyong tahanan. Ang mga taong mahihina sanhi ng edad, kalusugan o iba pang dahilan ay laging dapat lumikas nang maaga.
- Ang inyong bahay ay hindi maipagtatanggol. May ilang bahay, dahil sa kanilang lokasyon, pagkagawa, o nakapalibot na lugar na may tanim, ay hindi ligtas para ipagtanggol. Ang NSW RFS 'Bush Fire Household Assessment Tool' (Pantahanang Pantasa ng Bush Fire) ([www.rfs.nsw.gov.au](http://www.rfs.nsw.gov.au)) ay maaaring makatulong upang matasa ninyo ang antas ng panganib sa inyong tahanan at makagawa ng may kaalamang desisyon. May mga araw na walang propyedad na maaaring ipagtanggol.



Hindi kayo kailanman dapat "maghintay at tingnan na lang ang mangyayari" kung may bush fire. Ang paglikas nang huli ay nangangahulugang kayo ay nasa daan kapag ang kondisyon ay napakamapanganib, o ni hindi kayo makalilikas. Ang mas matagal na paghihintay ninyo bago lumikas, mas malaki ang panganib sa inyong buhay.

Ang paghahanda sa paglikas nang maaga ay nangangahulugang ng:

- Pagkumpleto ng isang 'Bush Fire Survival Plan' (Planong Pangkaligtasan laban sa Bush Fire), na makukuha sa [www.rfs.nsw.gov.au](http://www.rfs.nsw.gov.au)
- Pagplano kung saan kayo pupunta, paano pupunta doon, at ano ang inyong dadalhin
- Pag-alam ng pang-araw-araw na 'Fire Danger Rating' (Pagsukat sa Panganib ng Sunog) sa inyong pook at ano ang ibig sabihin nito
- Paghahanda ng masasakyan para sa lahat ng miyembro ng pamilya, pati mga paboritong hayop
- Aktibong paghahanap ng impormasyon tungkol sa situasyon ng sunog at kondisyon ng panahon mula sa TV, lokal na radyo, at internet para alam ninyo kung kailan kayo lilikas
- Pagkakaroon ng pang-back up na plano kung sakaling hindi kayo makalilikas nang maaga. Ano pang ibang ligtas na lugar ang mapupuntahan ninyo?
- Pakikipag-usap sa pamilya, mga kaibigan, at kapitbahay tungkol sa plano ninyong paglikas nang maaga.

### ALAM BA NINYO

Ang pagiging malayong-malayo mula sa isang bush fire ang TANGING paraan upang matiyak ang inyong kaligtasan.



131450



PREPARE.

ACT.

SURVIVE.

BUSH FIRE INFORMATION LINE | 1800 679 737